



## Malayang Pagtatalima



(Pambungad na Panalangin)

### I. ANG TATLONG PAGBASA

#### UNANG PAGBASA (Deut 4:1-2, 6-8)

<sup>1</sup>SINABI ni Moises sa mga tao: “Ngayon, mga Israelita, upang mabuhay kayo nang matagal at makarating sa lupaing ibinigay sa inyo ng Panginoon, unawain ninyong mabuti at **sundin** ang **tuntuning** itinuturo ko sa inyo. <sup>2</sup>Huwag ninyo itong daragdagan ni babawasan. <sup>6</sup>**Sundin** ninyo ito nang walang labis at walang kulang. Unawain ninyo ito at sunding mabuti. <sup>7</sup>Sa gayon, makikita ng ibang bansa ang inyong karunungan at lawak ng pang-unawa. Sa gayon, hindi nila mapipigilang sabihin ang ganito: ‘Ang bansang ito’y matalino at may malawak na pagkaunawa.’

“Sinong diyos ng ibang bansa ang handang tumulong anumang oras liban sa Panginoon? <sup>8</sup>Aling bansa ang may **tuntuning** kasing inam ng mga **tuntuning** ibinigay ko sa inyo ngayon?”

Tema: **Pagsunod at Pagsasabuhay ng mga Tuntunin**

#### PAGPAPALIWANAG

- Inuulit ng Aklat ng Deuteronomieo ang Kautusan na nasa Exodo, Levitico at Mga Bilang, kaya tinatawag itong, “Pangalawang Kautusan” o “kopya ng Kautusan.”
- Ang Kautusan ay isinasabi o maririnig mula kay Moises.
- Sa Deuteronomieo, ipinapakita si Moises na pinapaalalahanan ang mga Israelita sa lahat na mga Utos ng Diyos bago sila pumasok sa Lupang Ipinangako.
- Ito ay sa pamamagitan ng isang sermon (homiliya) at paghihikayat (parenesis).
- Nagbibigay ang ating Pagbasa ng kadahilanan kung bakit kailangang makinig ang mga Israelita sa mga tuntunin at tagubilin:
  - upang sila ay mabuhay.
  - nang sa ganoon ay makapasok sila at mapasakanila ang Lupang Ipinangako.

- Isa pang dahilan: ipakita sa ibang mga bansa ang kanilang Karunungan at Kaalaman.

### **PAGNINILAY**

Ang Diyos ay katulad ng isang matanda na mahilig magpapaalala.

Si Moises ang instrumento upang mapapaalalahanan ng Diyos ang kanyang bayang Israel sa kanyang mga utos.

Nasa Kautusan ng Diyos ang kanilang kapakanan at kinabukasan.

Kailangang papaalalahanin ang mga tao dahil sila ay makalimutin.

May masamang dulot ang pagkamakalimutin.

Ang pagkakaroon ng lupain ay hindi madali, kaya nga malalaman nila ito 1000 taon ang makalipas, nang maitatapon sila sa lupaing hindi kanila.

Segurado ang lahat na ang pagkakamit ng lupain ay walang hadlang.

Mananatili lamang sila sa lupang ipinangako kung masunurin sila sa mga utos ng Diyos.

Tayo din na naninirahan sa kasalukuyang panahon ay mawawalan ng mga biyayang tinatamasa, ang basbas ng Diyos kung sumusuway tayo sa mga utos ng Diyos.

Nakabatay ang ating karunungan hindi sa karunungan ng daigdig kundi sa Diyos.

Kapag nahiwalay tayo sa Diyos, naninirahan tayo makasarili. Ang pamumuhay ng makasarili, umaasa o kampante sa sariling kakayahan at katalinuhan ay nag-aanyaya ng ating katapusan o kapahamakan.

### **SALMONG TUGUNAN (Slm 14) SINO KAYANG TATANGGAPIN SA TEMPLO NG POON NATIN?**

### **IKALAWANG PAGBASA (San 1:17-18, 21b-22, 27)**

#### ***Paglalahad***

MGA KAPATID, <sup>17</sup>bawat kaloob na mabuti at ganap ay buhat sa langit, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa langit. <sup>18</sup>Hindi siya nagbabago.

Hindi niya tayo iniwan o binabayaan man sa dilim. Niloob niyang tayo’y maging anak niya sa pamamagitan ng salita ng katotohanan, upang matangi tayo at maging higit sa lahat ng kanyang mga nilalang.

#### ***Paghihikayat***

<sup>21</sup>Buong pagpapakumbabang tanggapin ang salita ng Diyos na natanim sa inyong puso. Ito ang makapagliligtas sa inyo.

Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito’y pinakikinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili.

<sup>27</sup>Ganito ang pagkarelihiyoso na minamarapat at kinalulugdan ng ating Diyos at Ama: tulungan ang mga ulila at mga babaing balo sa kanilang kahirapan, at ingatan ang sarili na huwag mahawa sa kasamaan ng sanlibutang ito.

**Tema: Pamumuhay sa Malinis na Paraan**

### **PAGNINILAY**

Nagkakaloob ng mabuti at buong biyaya ang Diyos.

Kung natanto natin ito, ito ay sapat na na maging mapagpasalamat sa Kanya.

Bilang sukli sa kabutihan ng Diyos, kailangan natin gawin ang inaasahan sa atin:

-na mamuhay bilang mga unang alay/hain (kaaya-aya sa Diyos).

-Iwasan ang anumang nagwawaksi ng ating mga kaloob.

Hindi mapapaayon ang paggawa ng masama: karumihan at labis na kasamaa, at iba pang mga paraan.

May naaayon pa ang paggawa ng higit sa pakikinig sa kanyang mga Salita. Kailangan nating isabuhay ang ating narinig.

Ang mga konkretong hakbangin na isaasahan sa mga Kristiyano’ng nasa tamang kaisipan:

-nag-aalaga sa mga dukha katulad ng mga balo at nga ulila;

-“hindi” ang tugon sa mga tukso ng mundo.

Hindi biro ang buhay Kristiyano.

## MABUTING BALITA (Mc 7:1-8, 14-15, 21-23)

### *Mapag-imbabaw (ang turo ng mga Pariseo)*

<sup>1</sup>NOONG panahong iyon, may mga Pariseo at ilang eskribang galing sa Jerusalem, na lumapit kay Hesus. <sup>2</sup>Nakita nila na ang ilan sa mga alagad ni Hesus ay kumain nang hindi muna naghugas ng kamay sa paraang naaayon sa turong minana nila.

<sup>3</sup>Ang mga Judio, lalo na ang mga Pariseo, ay hindi kumakain hangga't hindi nakapaghuhugas ng kamay ayon sa mga turong minana nila sa kanilang mga ninuno. <sup>4</sup>Hindi rin sila kumakain ng anumang galing sa palengke nang hindi muna ito hinuhugasan. At marami pang ibang minanang turo ang kanilang sinusunod, tulad ng tanging paraan ng paghuhugas ng mga inuman, ng mga saro, ng mga sisidlang tanso, at mga higaaan.

<sup>5</sup>Kaya't tinanong si Hesus ng mga Pariseo at mga eskriba, “Bakit hindi sumusunod ang mga alagad mo sa mga turo ng ating mga ninuno? Kumain sila nang hindi man lamang naghugas ng kamay ayon sa paraang iniutos!”

### *Tunay na Pagsamba (ang turo ni Hesus)*

<sup>6</sup>Sinagot sila ni Hesus, “Tama ang hula ni Isaias tungkol sa inyo. Mapag-paimbabaw nga kayo, gaya ng kanyang isinulat:

<sup>7</sup>“Paggalang na handog sa 'kin ng bayan ko'y paimbabaw lamang, sapagkat sa bibig at hindi sa puso ito bumubukal. Pagpuri't pag-sambang ginagawa nila'y walang kabuluhan. Ang utos ng tao ay itinuturong utos ng Maykapal.”

<sup>8</sup>Niwawalang-kabuluhan nga ninyo ang utos ng Diyos, at ang sinusunod ninyo'y ang turo ng tao.”

<sup>14</sup>Muling pinalapit ni Hesus ang mga tao at sinabi sa kanila, “Makinig kayong lahat, at unawain ang aking sasabihin! <sup>15</sup>Hindi ang pumapasok sa bibig ng tao ang nakapagpaparumi sa kanya sa mata ng Diyos kundi ang mga nagmumula sa kanya.

<sup>21</sup>“Sapagkat sa loob—sa puso ng tao—nagmumula ang masasamang isipang nag-uudyok sa kanya na <sup>22</sup>makiapid, magnakaw, pumatay, mangalunya, mag-imbob, at gumawa ng lahat ng kabuktutan, tulad ng pagdaraya, kahalayan, pagkainggit, paninirang-puri, kapalaluan, at kahangalan. Ang lahat ng ito'y nanggagaling sa

puso ng tao, at siyang nagpaparumi sa kanya.”

Tema: **Pagiging Tapat sa Salita ng Diyos**

## PAGPAPALIWANAG

- Ipinagtapat ang magkatunggaling turo ni Hesus at ng mga eskriba at pariseo.
- Magkaiba ang kanilang interpretasyon sa mismong teksto.
- Lahat ay nagnanais na matupad ang kalooban ng Diyos ayon sa nakasulat sa Torah.
- Paano ba ang pamamaraan ng mga iskriba at pariseo? Sa paghugas ng kamay, wala naman masama. Iyon ay naayon sa kalinisan. Ngunit sa kanila ang ordinaryong paghuhugas ng kamay ay may pakahulugang relihiyoso, kay naiskandalo sila sa pamamaraan ng mga disipulos ni Hesus na hindi sumunod sa utos o ritwal.
- Sa kabilang dako, pinuna ni Hesus ang mga eskriba at pariseo. May mas mahalaga pa kaysa paghuhugas ng kamay bago kumain.
- May naamoy siyang kulang o hindi tama sa kanilang pamamaraan: pagkukunwari (hipokrisiya).
- Ginagawa nila ang mga nakasulat ngunit ang kanilang mga puso ay malayo sa Diyos.
- Hinihingi ng tunay na relihiyon ang pagkakalapit ng loob sa Diyos, hindi na parang robot na pakikitungo (= mekanikal lang ang pagsabuhay ng mga utos ng Diyos).
- Maaring gumagawa ang isa ng mga tamang aksyon ngunit mali ang kanyang mga motibo.
- Kailangan ng pagbabago ng puso. Kung hindi nagsisisi ang ating puso patuloy itong marumi, hindi dahil puno ng mga mikrobyo at dungis ng ating mga kamay.

## PAGNINILAY

Kinamumunghian ni Hesus ang pagpapaimbabaw

Ang pagpapaimbabaw ay ang paggawa ng

mga tamang hakbangIN ngunit hindi tama ang mga motibo.

Sa pagpapaimbabaw, ginagawa pa rin natin ang mga tamang gawain kahit walang pagbabago sa kabutihan ng ating mga puso.

Ang hindi nagbabagong puso ay patuloy pa rin na gumagawa ng mga masasamang kilos at ugali kahit na ang kamay ay gumagawa ng ano man ang inaasahan sa kanila.

Ang mga mabuting gawain ay dapat kasabay sa mga mabuting hangarin.

Dapat alam ng mga tagapagsunod ni Kristo kung ano ang galing sa Diyos at galing lamang sa mga tao. Hindi dapat tatanga-tanga; dapat lang matalino ang Kristiyano.

Ang mga mapag-imbabaw ay nag-aakalang galing sila sa Diyos, ngunit ang lahat ay galing lang sa kanila.

## II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay nakatuon sa kahalagahan ng pakikinig at pagsasabuhay ng

### PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.*

**Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:**

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**  
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City  
Tels: 895-37-16; 890-7130

mga utos ng Diyos.

Ang Ikalawang Pagbasa naman ay naka-sentro sa hindi paglabag ng mga kautusan ng Diyos

Ang Mabuting Balita ay tumutukoy sa wastong pagsasabuhay o pagtutupad ng mga utos ng Diyos.

## III. SALAMIN NG BUHAY

1 Suriin ang mga sitwasyon ng ating mga pamilya at parokya kung saan naging mas *legalistic* o mapag-imbabaw tayo.

2. Isapuso at isaisip ang iyong mga kaloob. Bilang isang mapalad na pinagkalooban, paano ang mga ito maibabahagi mo sa iba?

3. Ikuwento ang isang pagkakataong sinabihan kang, “ikaw ay *blessing* sa amin.”

- *Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM*

-Isinalin ni Br. Hansel Mapayo, SSP

*(Pangwakas na Panalangin)*

### PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.

*Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)